# MAIKLING DALANGIN

(ng mga hayop sa kanilang tagapag-alaga)

(*Tulang Pambata*)

DOLORES TENSUAN-DUNGO

Mga among giliw, kami'y may dalangin
Sa araw na ito, inyo sanang dinggin!
Wala kaming tutol kahi't na patayin,
Nguni't sundin sana itong aming hiling.

Kami nga ay hayop nguni't dumaramdam
Ng uhaw at gutom, pagod ng katawan,
Ng hirap sa init, at ginaw sa ulan
Lalo na ng palo ng among maselan.

Unang samo namin tanging kaibigan,
Ang aming pagkain, huwag lilimutan.
At kung kami'y pagod, pahingahin naman,
At huwag lagi na kaming parusahan.

———oOo———

## MGA TULONG SA PAGTUTURO NG TULA

A. **Pasimula:**

Kung ikaw ba ay nagdarasal ay anu-ano ang biyayang iyong hinihiling sa Poong Maykapal?

At kung ang mga hayop nating alaga ay nakapagsasalita, ay ano kaya naman ang kanilang hihilingin?

B. **Pangganyak:**

Sa maikling tulang ito na pinamamagatang "MAIKLING DALANGIN" ay alamin natin kung anu-ano ang hinihiling ng mga hayop sa kanilang tagapag-alaga.

C. **Pagliwanag sa mahihirap na pananalita:**

Atin munang pag-aralan ang ibig sabihin ng ilang salitang may kahirapan upang lalo nating maintindihan ang nilalaman ng tula.

dalangin—prayer
tutol—objection
hiling—a wish
dumaramdam—to feel
maselan—hard to please
pahingahin—to give rest
parusahan—to punish

D. **Pagbasa ng Guro:**

Ngayo'y babasahin ko ang tula. Hanapin ninyo ang kasagutan ng tanong sa pangganyak.

E. **Pagliliwanag sa nilalaman ng tula:**

1. Anu-ano ang dalangin ng mga hayop?
2. May katuwiran ba silang humiling na sila ay huwag paglupitan ng kanilang taga-alaga? Bakit?
3. Anu-ano ang mga kapakinabangan natin sa mga hayop?

F. **Pagbasa ng mga Bata:**

Inyong basahin ang tula.

**Pamantayan sa Pagbasa ng Tula**

1. Tumayo, nang tuwid sa harap ng klase.
2. Basahin ang tula nang ayon sa damdaming nilalaman.
3. Tuminging paminsan-minsan sa mga nakikinig.
4. Bumasa nang maliwanag at wasto.